

MONETARY POLICY REPORT (MPR)

MPR SNAPSHOTS

DECEMBER 2024

MONETARY POLICY DECISION

Sa policy meeting noong ika-19 ng Disyembre, nagpasya ang Monetary Board na ibaba ang pangunahing interest rate ng BSP—ang target reverse repurchase (RRP) rate—nang **25 basis points** patungo sa 5.75 percent. Kasunod ng hakbang na ito, inaasahan ang pagbaba ng interest rates ng mga bangko. Dahil dito, maaaring magiging mas abot-kaya na ang pag-utang para sa negosyo, bahay, o sasakyan.


5.75%



RISK-ADJUSTED INFLATION FORECASTS

Isinasaalang-alang ng *risk adjusted inflation forecast* ang mga posibleng kadahilanan (gaya ng isyu sa *supply* ng mga produkto o di-inaasahang pagbabago sa lagay ng panahon) na makapagpapataas o makapagpapababa ng *inflation* sa susunod na dalawang taon.

Ayon sa pinakahuling pagtataya ng BSP, maaaring umabot ang average inflation sa 3.4 percent para sa 2025 at 3.7 percent para sa 2026, kahit mangyari pa ang mga banta sa presyo ng mga bilihan.



Pasok ang mga *forecast* sa *target range* ng gobyerno na nasa 2.0 to 4.0 percent.

Mga posibleng dahilan ng mas mabilis na pagtaas ng presyo:




Samantala, maaaring bumagal ang inflation dahil dito:



PAGTATAYA NG INFLATION NG MGA EKONOMISTA MULA SA PRIBADONG SEKTOR

Inaasahan naman ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor ang mga sumusunod na *inflation rates*:



Malapit ang mga pagtatayang ito sa mga pagtaya ng BSP at pasok din sa *inflation target* ng gobyerno. Ipinapahiwatig nito ang maayos na pagka-angkla ng *inflation expectations* sa *target*.

Ang maayos na pagka-angkla ng *inflation expectations* sa *target* ay nangangahulugang nagkakaisa ang mga ekonomista at ang BSP sa kanilang pananaw na ang hinaharap na *inflation* ay lalapit sa gitnang punto ng *inflation target range*. Ang mababa at matatag na presyo ng mga produkto at serbisyo ay makakatulong sa mga pagpapasiya ng mga indibidwal, negosyo, at mga *policymakers*.

PANANAW SA EKONOMIYA

Mananatiling matatag ngunit bahagyang mahina ang paglago ng ekonomiya ng bansa.

Para sa 2025 at 2026, inaasahang bubuti ang paglago dulot ng:



pagbaba ng presyo ng langis sa pandaigdigang mercado



pagluwag ng *monetary policy* noong Agosto, Oktubre, at Disyembre 2024



pagbaba ng *reserve requirement ratio* ng mga bangko